# ANG BATA SA PAGTUKLAS NG MGA BAYANI: Ang Pagkabata ng Bayani sa mga Etnoepiko ng Pilipinas

*Eugene Y. Evasco*

Kailangan ng bata ang titingalaing bayani. Ito ang kadalasang hinahanap ng mga kritiko at magulang kapag tinitimbang ang halaga ng akdang pambata. Sa musmos na kamalayan ng mga mambabasa, mahalagang makatagpo sila ng karapat-dapat na bayaning gagabay sa pag-unlad ng kanilang kultura at mga halagahan. Ilang magulang na ang natatakot sa pagbaling ng kanilang anak sa mga huwarang bayani buhat sa popular na daluyan ng kultura tulad ng telebisyon, pelikula, at komiks. Paliwanag nila'y bukod sa banyaga ang bayani, marahas at mapanghamak ang bayaning kinahuhumalingan ng mga bata ng kasalukuyang panahon. Sa mga resulta ng ilang pag-aaral, lumilitaw na nakahihigit ang mga artista sa pelikula't telebisyon, mga mananayaw at mang-aawit, at ang barkada bilang huwarang sasandigan ng mga bata. Nalalayo na ang mga bata sa kanilang magulang, tagapag-alaga, at guro bilang kanilang huwaran. Ang nakapanlulumo pa, naiulat sa dokumentaryong *Super Size Me* (2004) ni Morgan Spurlock, higit na kilala ng mga bata sa kasalukuyan ang mga imahen mula sa fastfood (e.g., Wendy at Ronald McDonald) gayong 'di nila matukoy ang identidad sa larawan ni Hesukristo.

Mahalaga ang tungkulin ng bayani sa panitikan. Nagtatampok ito ng mga unibersal na panghalina, nagpapalaganap ng mabuting halagahan, at naglalaan ng huwaran para sa mambabasa. Ayon pa kina Manjari Singh at Mei-Yu Lu, pinauunlad nito ang pang-unawa ng bawat mamamayan sa mga atas ng lipunan. Taglay ng bayani ang mga katangiang karapat-dapat tularan ng mambabasa. Dahil dito, may kapangyarihan ang panitikan na likhaing muli ang

lipunan at ipagpatuloy ang kinagisnan nitong mga halagahan. Dagdag pa ni B. Davis, "They have been useful for thousand of years to the people for whom they serve as an idealized human, a sort of 'super' person, capable of dealing with problems that surpass normal humans and their abilities" (sipi kina Singh at Lu).

Dalawang tungkulin ang natukoy nina Singh at Lu kaugnay ng mga bayaning tampok sa panitikang pambata. Una, tungkulin ng bayani na maging halimbawa ng mga unibersal na katangian. Tinutukoy nito ang mga katangiang pinahahalagahan sa mga lipunan, sa iba't ibang panahon—kagitingan, pagmamalasakit, tiyaga, paniniwala sa sarili, at optimismo. Sa pamamagitan ng isang bayani, makikita ang iba't ibang paraan kung paano dapat harapin ang mga hamon sa lahi, etnisidad, uri, at relihiyon. Sa pagtatampok at pag-aaral ng iba't ibang danas ng mga bayani, mailalatag sa mambabasa ang mga estratehiya sa pagdulog sa mga hamon at suliranin.

Ikalawang tungkulin ng bayani sa panitikang pambata ay ang pagiging huwaran nito sa mambabasa. Sa tungkuling ito, marapat na taglay ng bayani ang katatagan at iba pang mainan na katangiang makatutulong upang maigpawan ang mga hamon sa buhay. Habang kumikilos ang bayani sa kuwento, napauunlad ng mga mambabasa ang kanilang halagahan. Sa bawat tagumpay ng bayani, lagi itong nakapagtatatak ng mensahe sa mambabasa: karapat-dapat itong tularan.

May mahalagang pag-aaral si Loline M. Antillon kaugnay ng *Agyu,* ang etnoepiko ng mga katutubong Bukidnon at Manobo. Idiniin sa kaniyang pag-aaral ang pagiging panlipunang dokumento ng isang epiko. Samakatuwid, naitatala ang kasaysayan sa anyong pampanitikan na "pinaiikot sa isang bayani. Sa buhay at pakikipagsapalaran ng bayaning ito, itinala nila ang kanilang pakikibaka, ipinadama ang lungkot at saya, ipinagdiwang ang tagumpay, tinanggap ang mga kabiguan, ipinahayag ang mga pagpapahalaga, ipinagtanggol ang mga paniniwala at pananampalataya, at inilagak ang mga katangiang sumasalamin sa kanilang pagkatao at lipi" (Antillon 4). Idinagdag pa, gayong umiikot